

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN 4

Pangalan: _____

Iskor: _____

Baitang at Seksyon: _____

Petsa: _____

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anong katangian ng lokasyon ng Pilipinas ang nagdudulot ng mayamang yamang-dagat sa bansa?
 - a) Ang pagiging bahagi ng Pacific Ring of Fire
 - b) Ang pagiging malapit sa ekwador
 - c) Ang pagkakaroon ng maraming kabundukan
 - d) Ang pagiging arkipelago na napapaligiran ng karagatan
2. Paano nakaaapekto ang lokasyon ng Pilipinas sa klima at panahon ng bansa?
 - a) Palaging nakararanas ng tag-init dahil malapit sa ekwador
 - b) Hindi nakararanas ng bagyo dahil nasa tropiko
 - c) May dalawang uri ng panahon dahil sa relatibong lokasyon
 - d) Ang Pilipinas ay malamig buong taon dahil sa kinalalagyan nito
3. Paano makatutulong ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas sa pagtukoy ng mga posibleng panganib ng mga natural na kalamidad?
 - a) Maaaring tukuyin ang mga lugar na prone sa bagyo
 - b) Natutukoy ang mga lugar na palaging binabaha
 - c) Mas madaling makita ang mga lugar na may mataas na altitude
 - d) Natutukoy ang mga lugar na prone sa landslide
4. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman sa relatibong lokasyon ng Pilipinas sa mga kapitbahay na bansa?
 - a) Para sa madaling paglalakbay sa ibang bansa
 - b) Para sa kalakalan at diplomatikong relasyon
 - c) Para sa pag-aaral ng mga kultura ng ibang bansa
 - d) Para sa pagsasalin ng wika
5. Anong aspeto ng tiyak na lokasyon ang may kinalaman sa pagkakaroon ng iba't ibang uri ng hayop at halaman sa Pilipinas?
 - a) Ang pag-iral ng iba't ibang anyong tubig sa paligid ng bansa
 - b) Ang pagkakaroon ng maraming bulkan
 - c) Ang pagiging malapit sa mga tropikal na bansa
 - d) Ang pagkakakulong ng bansa sa tatlong pangunahing anyong lupa
6. Paano natutukoy ang isang lugar bilang isang bansa?
 - a) Pagkakaroon ng sariling wika at kultura
 - b) Pagkakaroon ng hangganan, pamahalaan, at populasyon
 - c) Pagiging bahagi ng United Nations
 - d) Pagkakaroon ng mayamang likas na yaman
7. Ano ang pangunahing papel ng pamahalaan sa isang bansa?
 - a) Magpalaganap ng kaalaman tungkol sa mga tradisyon
 - b) Magbigay ng edukasyon at kalusugan sa mamamayan
 - c) Magpatupad ng batas at magbigay ng proteksyon sa mga mamamayan
 - d) Magsagawa ng mga programa para sa kalikasan
8. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng sariling wika sa isang bansa?
 - a) Para makipagkalakalan sa ibang bansa
 - b) Para sa pagkakaisa at pagkakakilanlan ng mga mamamayan
 - c) Para sa mas madaling pag-aaral ng ibang mga wika
 - d) Para sa mabilis na pag-unlad ng ekonomiya
9. Paano nakatutulong ang mga simbolo ng bansa, tulad ng watawat at pambansang awit, sa paghubog ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan?
 - a) Nagsisilbi itong gabay sa mga batas ng bansa
 - b) Ipinapakita nito ang kasaysayan at kultura ng bansa
 - c) Nagpapalaganap ito ng turismo sa ibang bansa

- d) Nagsisilbing inspirasyon sa mga mamamayan na maglingkod sa pamahalaan
10. Paano naipapakita ng mga mamamayan ang kanilang pagmamahal at pagtangkilik sa kanilang bansa?
- a) Sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga pistang bayan
 - b) Sa pamamagitan ng pagbili ng mga lokal na produkto
 - c) Sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling wika at kultura
 - d) Sa lahat ng nabanggi
11. Paano maipapakita ng isang mag-aaral ang kahalagahan ng pag-unawa sa Saligang Batas kaugnay sa teritoryo ng Pilipinas?
- a) Sa pamamagitan ng pagsasaulo ng mga pangalan ng mga pulo
 - b) Sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sanaysay tungkol sa mga karapatan ng bansa
 - c) Sa pamamagitan ng paglalakbay sa mga pulo ng Pilipinas
 - d) Sa pamamagitan ng paggawa ng mapa ng teritoryo ng Pilipinas
12. Bakit mahalaga ang Archipelagic Doctrine sa pagkilala ng hangganan ng Pilipinas?
- a) Dahil ito ang nagbibigay ng karapatan sa Pilipinas na magpatupad ng mga batas sa kalapit bansa
 - b) Dahil pinapaliit nito ang teritoryo ng bansa
 - c) Dahil ipinapakita nito ang pagiging bahagi ng Pilipinas ng mga kalapit na isla
 - d) Dahil nagbibigay ito ng kalayaan sa bawat Pilipino na maglayag kahit saan
13. Anong epekto ng kasaysayan sa pagtukoy ng teritoryo ng Pilipinas?
- a) Pinapalawak nito ang mga hangganan ng Pilipinas
 - b) Pinagtitiyap nito ang mga karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupa
 - c) Binibigyang-diin nito ang mga nakaraan ng Pilipinas bilang bahagi ng kalakalan
 - d) Nagbibigay ito ng konteksto sa mga kasunduan sa ibang bansa
14. Paano nakakatulong ang Saligang Batas ng Pilipinas sa pangangalaga ng teritoryo ng bansa?
- a) Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa pagpasok ng dayuhang mamumuhunan
 - b) Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga detalye ng mga hangganan at karapatan sa dagat
 - c) Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga dayuhan na magmay-ari ng lupa
 - d) Sa pamamagitan ng pag-alis ng mga kasunduan sa ibang bansa
15. Ano ang pangunahing layunin ng UNCLOS para sa Pilipinas?
- a) Palawigin ang teritoryo ng Pilipinas hanggang sa iba pang kontinente
 - b) Magbigay ng gabay sa paglinang ng yamang dagat
 - c) Pagtibayin ang karapatan ng Pilipinas sa mga likas na yaman sa karagatan
 - d) Palitan ang mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa
16. Paano nagagamit ang Archipelagic Doctrine sa pagpapanatili ng kaayusan sa karagatan ng Pilipinas?
- a) Sa pamamagitan ng paglimita ng pangangisda sa ibang bansa
 - b) Sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga alituntunin para sa pag-aangkin ng mga isla
 - c) Sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga tradisyonal na pamamaraan ng pangangisda
 - d) Sa pamamagitan ng pagbibigay ng karapatan sa mga Pilipino na makipag-ugnayan sa ibang bansa
17. Ano ang papel ng Pangulo ng Pilipinas sa pangangalaga ng teritoryo ng bansa ayon sa Saligang Batas?

- a) Ipinapasa ang mga bagong batas na may kinalaman sa teritoryo
 - b) Nagpapasiya sa mga hangganan ng bansa
 - c) Pinoprotektahan ang mga likas na yaman ng bansa
 - d) Nagtatalaga ng mga opisyal sa mga hangganang lugar
18. Bakit mahalagang isaalang-alang ang kasaysayan sa pagtukoy ng teritoryo ng Pilipinas?
- a) Dahil ito ay nagpapakita ng mga dahilan kung bakit naging ganito ang kasalukuyang hangganan
 - b) Dahil ito ay nagbibigay ng mga pangalan ng mga pulo
 - c) Dahil ito ay nagbibigay ng gabay sa paglinang ng mga likas na yaman
 - d) Dahil ito ay nagpapakita ng pakikipag-ugnayan sa ibang bansa
19. Ano ang maaaring maging epekto ng hindi pagsunod sa mga probisyon ng UNCLOS para sa Pilipinas?
- a) Pagkalugi sa ekonomiya dahil sa mga parusa
 - b) Paglakas ng mga lokal na industriya
 - c) Pagdami ng mga dayuhang turista
 - d) Pagkakaroon ng mas malawak na teritoryo
20. Paano maaaring magamit ng isang mag-aaral ang kanyang kaalaman tungkol sa Saligang Batas at Archipelagic Doctrine sa pang-araw-araw na buhay?
- a) Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga karagatan
 - b) Sa pamamagitan ng pagsali sa mga talakayan tungkol sa karapatan ng bansa
 - c) Sa pamamagitan ng pagmamapa ng kanyang sariling barangay
 - d) Sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling batas
21. Paano makakaapekto ang klima ng Pilipinas sa mga gawaing pang-ekonomiya ng bansa?
- a) Napipilitan ang mga Pilipino na magtrabaho sa ibang bansa
 - b) Nakakaapekto sa uri ng mga pananim na maaaring itanim
 - c) Nagdudulot ng kakulangan sa mga likas na yaman
 - d) Nagiging dahilan ng pagdami ng populasyon
22. Anong aspeto ng heograpiyang pisikal ang pinakamalaking impluwensya sa uri ng pamumuhay ng mga Pilipino?
- a) Ang pagkakaroon ng maraming pulo
 - b) Ang klima at panahon
 - c) Ang uri ng mga anyong lupa
 - d) Ang dami ng populasyon
23. Paano naiimpluwensyahan ng populasyon ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas?
- a) Sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga pangunahing wika sa bansa
 - b) Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga tradisyonal na kaugalian
 - c) Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng relihiyon
 - d) Sa pamamagitan ng pagdami ng mga dayuhang nagmamay-ari ng lupa
24. Ano ang epekto ng heograpiyang pantao sa pagbuo ng kultura sa Pilipinas?
- a) Nagpapalaganap ng iisang uri ng kultura sa buong bansa
 - b) Nagreresulta sa pagkakaroon ng iba't ibang wika at kaugalian
 - c) Nakakaapekto sa dami ng likas na yaman sa bansa
 - d) Nagdudulot ng kawalan ng pagkakaisa sa bansa
25. Paano nakakaapekto ang pagkakaroon ng iba't ibang anyong lupa sa pamumuhay ng mga tao sa Pilipinas?
- a) Nakakabawas sa kakayahang magtanim ng pagkain
 - b) Nagbibigay ng iba't ibang hanapbuhay at pamumuhay
 - c) Nagdudulot ng limitadong espasyo para sa mga bahay
 - d) Nagpapalaganap ng pagkakaisa sa iba't ibang rehiyon

26. Anong aspeto ng heograpiyang pisikal ang pangunahing dahilan ng pagkakaiba-iba ng wika sa Pilipinas?
- a) Ang pagkakaroon ng maraming pulo
 - b) Ang klima
 - c) Ang anyong tubig
 - d) Ang anyong lupa

27. Bakit mahalagang unawain ang heograpiyang pantao ng Pilipinas?
- Upang mas mapabuti ang sistema ng edukasyon
 - Upang mapalawak ang kaalaman sa pagkakakilanlan ng iba't ibang pangkat etniko
 - Upang mapadali ang kalakalan sa ibang bansa
 - Upang matugunan ang mga suliraning pangkapaligiran
28. Paano nagiging bahagi ng heograpiyang pantao ang mga Indigenous Peoples (IPs) sa Pilipinas?
-
- Sila ang pangunahing nagtataguyod ng agrikultura sa bansa
 - Sila ang nagdadala ng mga dayuhang produkto sa bansa
 - Sila ang nag-aambag ng mga natatanging tradisyon at kaugalian
 - Sila ang gumagawa ng batas sa kanilang lugar
29. Paano makakaapekto ang anyong tubig sa transportasyon sa Pilipinas?
- Nagbibigay ng alternatibong ruta para sa mga sasakyan
 - Nagreresulta sa pagkakaroon ng mas maraming tulay
 - Nagiging hadlang sa pagbiyahe ng mga produkto
 - Nagpapabilis ng kalakalan sa iba't ibang bahagi ng bansa
30. Ano ang pinakamahalagang dahilan kung bakit mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na kaalaman sa heograpiyang pisikal at pantao ng Pilipinas?
- Upang mapalawak ang teritoryo ng bansa
 - Upang matutunan ang iba't ibang wikang sinasalita sa bansa
 - Upang makabuo ng mga desisyong makakatulong sa pag-unlad ng bansa
 - Upang magamit sa mga pakikipagkalakalan sa ibang bansa
31. Paano nakatutulong ang lokasyon ng Pilipinas sa pagiging isang bansang maritimo?
- Nakapipigil ito sa pakikipagkalakalan ng Pilipinas.
 - Nakatutulong ito upang magkaroon ng iba't ibang uri ng likas na yaman.
 - Nagiging hadlang ito sa komunikasyon ng mga rehiyon sa bansa.
 - Nakatutulong ito sa pagkakaroon ng matabang lupa sa buong kapuluan.
32. Sa anong aspeto ng pamumuhay ng mga Pilipino ang labis na naaapektuhan ng pagiging arkipelago ng Pilipinas?
- Uri ng pananamit
 - Paraan ng pagsasaka
 - Sistema ng transportasyon
 - Istruktura ng edukasyon
33. Ano ang pangunahing epekto ng lokasyon ng Pilipinas sa pagkakaroon nito ng mayamang biodiversity?
- Nagiging dahilan ito ng pagkakaroon ng maraming isla.
 - Nakalilikha ito ng iba't ibang uri ng klima.
 - Nagbibigay ito ng sapat na ulan sa buong bansa.
 - Nagpapahintulot ito sa pag-usbong ng maraming uri ng halaman at hayop.
34. Paano nakaaapekto ang lokasyon ng Pilipinas sa mga kalamidad na nararanasan ng bansa, tulad ng bagyo at lindol?
- Nagiging sanhi ito ng mahinang epekto ng mga kalamidad.
 - Ito ay dahilan ng pagdami ng mga kalamidad na nararanasan.
 - Pinipigil nito ang pagdating ng mga bagyo sa bansa.
 - Nagpapahina ito sa mga alon ng dagat na dulot ng bagyo.
35. Sa lokasyon ng Pilipinas sa Pacific Ring of Fire, paano naaapektuhan ang pagkakaroon ng mga bulkan at lindol sa bansa?
- Nagdudulot ito ng matinding tag-init sa bansa.
 - Nagtutulak ito ng pag-aangkat ng pagkain mula sa ibang bansa.

- c) Nagiging sanhi ito ng madalas na pagputok ng bulkan at lindol.
 - d) Nagiging dahilan ito ng pagtaas ng lebel ng tubig sa dagat.
36. Paano naaapektuhan ng mga kabundukan at kagubatan ng Pilipinas ang pamumuhay ng mga katutubong Pilipino?
- a) Nagiging dahilan ito upang sila ay maging urbanisado.
 - b) Pinipilit silang maghanapbuhay sa lungsod.
 - c) Nagbibigay ito ng likas na yaman na kanilang ikinabubuhay.
 - d) Nagpapahirap ito sa kanilang komunikasyon sa iba.
-
37. Paano nagagamit ng mga Pilipino ang katangiang heograpikal ng bansa sa pagpapaunlad ng turismo?
- a) Pinapayagan ang pagmimina sa mga lugar na may turistang dumarayo.
 - b) Pinaunlad ang mga imprastraktura na magdadala ng mas maraming turista.
 - c) Nananatili ang mga lugar na ito bilang bahagi ng taniman at sakahan.
 - d) Tinatamnan ng palay ang mga bundok upang maging taniman.
38. Paano nakaaapekto ang heograpikal na katangian ng Pilipinas sa pagkakaroon ng iba't ibang uri ng agrikultura sa bansa?
- a) Pinipilit ang mga magsasaka na magtanim ng iisang uri ng pananim.
 - b) Nagpapahintulot ito ng pagkakaroon ng iba't ibang uri ng produktong agrikultural.
 - c) Napipilitan ang mga Pilipino na umangkat ng pagkain mula sa ibang bansa.
 - d) Nagdudulot ito ng kakulangan sa suplay ng tubig para sa sakahan.
39. Paano nagiging bentahe para sa mga Pilipino ang pagiging arkipelago ng Pilipinas sa pakikipagkalakalan sa ibang bansa?
- a) Nagiging mahirap ang transportasyon ng mga produkto.
 - b) Napipilitang magtayo ng mga daungan sa bawat isla.
 - c) Nagpapadali ito sa kalakalan sa pamamagitan ng maraming daungan.
 - d) Nagiging dahilan ito ng pagkakaroon ng limitadong produkto para sa eksport.
40. Paano pinapahalagahan ng mga Pilipino ang kagandahan ng likas na yaman ng bansa sa kabila ng modernisasyon?
- a) Pagpapaunlad ng mga imprastraktura sa mga likas na yaman upang gawing pabrika.
 - b) Pagpapatayo ng mga malalaking gusali sa mga kagubatan.
 - c) Pagsasagawa ng mga batas para sa pangangalaga ng kalikasan.
 - d) Pagpapaunlad ng mga kalsada sa gitna ng mga kagubatan.

SUSI SA PAGWAWASTO

1. D
2. C
3. A
4. B
5. A
6. B
7. C
8. B
9. B
10. D
11. D
12. C
13. D
14. B
15. C
16. B
17. C
18. A
19. A
20. B
21. B
22. B
23. B
24. B
25. B
26. A
27. B
28. C
29. D
30. C
31. B
32. C
33. D
34. B
35. C
36. C
37. B
38. B
39. C
40. C

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN 4

Learning Competencies	No. of Days	Percent age	No. of Items	Item Placement Under Each Cognitive Domains					
				Remembering	Understanding	Applying	Analyzing	Evaluating	Creating
Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon	5	12.5 %	5			1 2 3 4 5			
Natatalakay ang konsepto ng bansa	5	12.5 %	5		6 7 8 9 10				
Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas	10	25%	10				11 12 13 14 15	16 17 18 19 20	
Nailalarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas: a. Heograpiyang Pisikal b. Heograpiyang Pantao	10	25%	10				26 27 28 29 30	21 22 23 24 25	
Nasusuri ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito	5	12.5 %	5				31 32 33 34 35		
Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa	5	12.5 %	5					36 37 38 39 40	
TOTAL	40	100%	40	0	5	5	15	15	0

Prepared by:

Master Teacher I

Contents Checked and Noted:

Principal II